


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 3

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 1:
## Kultura: Pahalagahan at Pagyamanin



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Gerardo E. Abengona – MT1
Angeline C. Ogoc – T3

**Editor:** Esperijun O. Llagas – MT1 / TIC

**Tagasuri:** Eva D. Busaing
Jurenda R. Amaro
Leizel C. Caballero

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
Allan Louie A. Corpuz – T1

**Tagalapat:** Aileen Joy S. Sabuelva – T1
Evelyn E. Martinez – T2

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Vicima M. Abrea, EdD.
Public Schools District Supervisor



# Alamin

Kung matapos mo ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang

- Nailalarawan ang kultura ng mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon (AP3PKR- IIIa-1)



# Balikan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Anu-anong mga lalawigan ang bumubuo sa Rehiyon IX?
   A. Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Pagadian
   B. Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Zamboanga City
   C. Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Zamboanga Peninsula
   D. Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Zamboanga Sibugay
2. Anong uri ng pamumuhay mayroon sa kalakhan ng Rehiyon IX?
   A. pagsasaka C. pag-aasin
   B. pagmimina D. paghahabi
3. Dahil sa maraming suplay ng pangkagubatang produkto, nakilala ang rehiyon 9 bilang ___________________.
   A. angkatan ng isda C. angkatan ng hayop
   B. angkatan ng troso D. angkatan ng prutas
4. Anong lungsod ang sentro ng kalakalan ng rehiyon?
   A. Lungsod ng Dapitan C. Lungsod ng Zamboanga
   B. Lungsod ng Dipolog D. Lungsod ng Pagadian
5. Anong uri ng pagsasaka ang kadalasang pamumuhay ng Rehiyon- IX?
   A. pagtatanim ng palay C. pagtatanim ng gulay
   B. pagtatanim ng mais D. pagtatanim ng niyog

| Aralin 1 | Ano ang Kultura? |
|---|---|



# Tuklasin

Ang **Kultura** ay ang nagpapasalin-salin na nakaugalian at pamumuhay ng mga tao sa isang lugar. Ito ang pamamaraan na ginagawa ng mga tao upang sagutin ang kanilang suliranin o tugunan ang kanilang pangangailangan. Nakikita ito sa araw-araw nilang pamumuhay. Sa kanilang mga tradisyon at paniniwala, sa kanilang mga panlalawigang pagdiriwang, sa mga kagamitan, sa mga kasabihan, pananaw, sa kanilang mga awit, at iba pang sining. Ito ay may dalawang uri; ang **materyal** at **di-materyal** na kultura. Sa kultura ng mga tao nakikilala ang isang lugar. Nabuo ang kultura upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao sa pamayanan.

| Materyal | Di-Materyal |
|---|---|
| 1. kasangkapan<br>2. kasuotan<br>3. pagkain<br>4. tirahan | 1. edukasyon<br>2. kaugalian<br>3. pamahalaan<br>4. paniniwala<br>5. relihiyon o pananampalataya<br>6. sining o agham<br>7. wika |

**1. Ano ang mga materyal na kultura?**

Ang materyal na kultura ay mga bagay na nakikita at nahahawakan natin. Kabilang ang mga kasangkapan, kasuotan, pagkain, at tahanan sa mga materyal na kultura.

**2. Ano ang mga di-materyal na kultura?**

Ang di-materyal na kultura ay hindi nakikita o nahahawakan. Ang edukasyon, kaugalian, pamahalaan, paniniwala, relihiyon o pananampalataya, sining o agham, at wika ay nabibilang sa di-materyal na kultura.


Balikan natin ang mga materyal na kultura. Nakikita pa ba natin ang mga ito sa kasalukuyan? May alam ba kayo sa mga ito?

Narito ang mga halimbawa ng:

## MATERYAL NA KULTURA

### Kasangkapan

Inukit, hinasa, pinakinis at nililok nila ang mga ito ayon sa kagamitang nais nilang mabuo.



### Kasuotan






Nagkakaiba-iba sila ayon sa kanilang pinagmulan at pag-aangkop sa klima ng kapaligiran


## Pagkain

Niluluto nila ang kanilang pagkain sa palayok o sa bumbong ng kawayan. Nakakamay sila kung kumain sa dahon o sa bao ng niyog. Umiinom sila sa pinakinis na bao o biyas ng kawayan.



## Tirahan


Sa paglipas ng panahon, natuto silang gumawa ng isang palapag na bahay na yari sa pawid, kahoy, kawayan, sawali, at kugon. Ang sahig ay yari sa kawayan at nakaangat sa lupa. Ang silong ng bahay ay imbakan ng mga panggatong, kagamitan sa pagsasaka, at kulungan ng mga alagang hayop.



### DI-MATERYAL NA KULTURA

## Edukasyon

Di-pormal ang edukasyon ng mga sinaunang Pilipino dahil sa walang istruktura ng pormal na edukasyon noon. Ang unang edukasyon na natutunan ng ating mga ninuno ay ang paghasa ng ama sa anak na lalaki sa paghahanap ng pagkain at paraan ng pamumuhay. Ang mga anak na babae naman ay tinuruan ng mga ina sa mga gawaing pantahanan. Noon pa man ay pinahahalagahan nang mga sinaunang Pilipino ang edukasyon. Sila ay natutong bumasa at sumulat gamit ang katutubong alpabeto na tinatawag na *Alibata*. Ito ay binubuo ng labimpitong simbolo na kumakatawan sa mga titik ng alpabeto. Kabilang dito ang tatlong patinig at labing apat na katinig na mga titik ng alpabeto.





## Kaugalian

Maraming kaugalian ang ating mga ninuno. Sa katutubong kristiyano, bago mag-asawa ang lalaki ay naninilbihan muna sa pamilya ng babaeng ibig niyang pakasalan. Gaya ng pag-igib ng tubig, pagsibak ng kahoy, at pagbungkal ng lupa.

Isa ring kaugalian ng mga Muslim ang pagbigay ng dote o bigay-kaya sa magulang ng babae. Ito ang pagbibigay ng mahahalagang bagay tulad ng alahas, lupa, at bahay. Ito ang gagamitin ng mag-asawa upang magsimula ng kanilang panibagong buhay.

Sa kabilang dako, ang kasalan ng mga Subanen ay itinakda o inaayos ng mga magulang ng babae at lalaking ikakasal. Kapag napagkasunduan na ng dalawang pamilya ang halaga ng babae, itatakda na nila ang araw ng kanilang pag-iisa.


Ang *barangay* ay nagmula sa salitang *Balangay* na pangalan ng isang uri ng Bangka na ginamit ng mga dayuhan sa kanilang pagdating ditto sa Pilipinas. Isang barangay ang binuo ng mga taong galling sa iba't ibang bahagi ng Timog Silangang Asya na dumating sa pamamagitan ng Bangka. Ang mga namuno sa mga barangay noon ay ang *datu*.



## Paniniwala at Relihiyon

May sariling paniniwala na noon ang mga sinaunang Pilipino tulad ng paggalang sa mga kaluluwa ng kanilang mga ninunong pumanaw na. Naniniwala rin silang sagrado ang mga kabundukan, mga ilog at halamang-gamot, malalaking punongkahoy, kuwebang sambahan, at ang mababangis na hayop.





## Sining at Agham (Arts/Science)

Makikita ang mga nakaukit at nakalilok sa bubong at ibang bahagi ng bahay ng ating mga ninuno. Iba-iba rin ang desenyo at hugis ng ilang mga kagamitan gaya ng krus, lampara, baul, at iba pa.

Ang pagkahilig nila sa sining ay ipinakita rin nila sa mga tattoo nila sa mga bahagi ng katawan.





**Wika (Math)**

| |
|---|
| Mahigit isang daan (100) wika ang salita ng ating mga ninuno sa bansa.<br>Ang walong pangunahing wika ay Bikolano, Ilokano, Hiligaynon, Kapampangan, Pangasinan, Binisaya, Tagalog, at Waray. |



# Suriin

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat pahayag.Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang bawat sagot sa inyong papel.

1. Nagpapasalin-salin na kaugalian at pamumuhay ng mga tao sa isang lugar.
   A. Kultura  C. Tradisyon
   B. Paniniwala  D. Kaugalian
2. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng kulturang materyal?
   A. Wika  C. Edukasyon
   B. Paniniwala  D. Bahay Kubo
3. Ang pagkain ay halimbawa ng kulturang ___________.
   A. materyal  C. di-material
   B. tradisyon  D. paniniwala
4. Ang pangunahing wika ng mga Tagalog.
   A. Kapampangan  C. Filipino
   B. Cebuano  D. Waray
5. Ang ____ ang ikapitong pinakamalaking pangkat etniko ng Pilipinas.
   A. kapampangan  C. Waray
   B. Tagalog  D. Bikolano



# Pagyamanin

Panuto: Basahin at unawain nang mabuti ang mga pahayag. Isulat ang **T** kung Tama ang pahayag at **M** naman kung Mali. Isulat ang sagot sa inyong papel.

_____ 1. Ang kultura ay ang pagpapasalin-salin na kaugalian at pamumuhay ng mga tao sa isang lugar.
_____ 2. May tatlong uri mayroon ang kultura.
_____ 3. Walang pormal na edukasyon ang ating mga ninuno dahil walang guro noong unang panahon.
_____ 4. Dahil sa mga tradisyon na kanilang ginagawa, tulad ng tattoo na inilalagay sa kanilang katawan ay maituturing na malikhain ang ating mga ninuno.

_____ 5. Umaasa noon sa kalikasan ang ating mga ninuno dahil dito sila kumukuha ng pagkain, paggawa ng kanilang tirahan at sa araw- araw na pangangailangan nila.



# Gawain

**Panuto:** Punan ang graphic organizer sa ibaba ayon sa mga kultura ng bawat lalawigan sa inyong rehiyon.

**KULTURA**

| Zamboanga del Sur | Zamboanga del Norte | Zamboanga Sibugay | Zamboanga City |
|---|---|---|---|
| **KASUOTAN** | **KASUOTAN** | **KASUOTAN** | **KASUOTAN** |
| 1. | 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. | 2. |
| **PAGDIRIWANG** | **PAGDIRIWANG** | **PAGDIRIWANG** | **PAGDIRIWANG** |
| 1. | 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. | 2. |
| **PAGKAIN** | **PAGKAIN** | **PAGKAIN** | **PAGKAIN** |



# Isaisip

Panuto: Punan ang bawat patlang upang mabuo ang talata. Isulat ang inyong sagot sa papel.

Ang (1) _______ ay ang nagpapapasalin-salin na (2) ________ at (3) _______ ng mga tao sa isang lugar. Ito ay may dalawang uri: ang (4) ___________ at (5) ___________.



# Tayahin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Piliin at isulat sa inyong papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang ibig sabihin ng kultura?
   A. Pagsalin-salin ng mga tradisyon, paniniwala, kaugalian mula sa mga sinaunang tao hanggang sa kasalukuyan.
   B. Ang mga taong nakilala noong sinaunang panahon.
   C. Batas na nilikha ng isang tao.
   D. Batas na nilikha ng mga tao.
2. Ang klase ng kultura na binubuo ng damit, pagkain, kagamitan at tirahan.
   A. Kulturang di-materyal C. Kulturang espesyal
   B. Kulturang materyal D. Kulturang di-espesyal

3. Ang mga salitang ito sa ibaba ay mga kulturang materyal maliban sa isa, Alin dito?
   A. Damit B. Kagamitan C. Wika D. Tirahan

4. Alin sa sumusunod na kultura ng mga taong naninirahan sa tabi ng dagat?
   A. Pangingisda ang karaniwang hanapbuhay.
   B. Pagsasaka ang kanilang hanapbuhay.
   C. Patintero ang karaniwang laro ng mga bata.
   D. Mahilig silang mag-alaga ng mga hayop.

5. Lumaki ka sa lungsod ng Pagadian. Sanay ka na magsuot ng maiikling damit. Inanyayahan ka ng iyong kaibigan na magbakasyon sa Barangay Cogonan, lungsod ng Labangan. Ang nasabing barangay ay may 98% bahagdan ng mga Subanen ang nakatira at naging kaugali-an na nila ang pagsuot ng kasuotan na namana nila sa kanilang lolo at lola.
   Ano ang iyong gagawin?
   A. Dadalhin ko ang maiiksi kong damit na aking naihanda.
   B. Magdala ako ng mga gown para makakita din ang mga tao doon.
   C. Magdala ako ng mga damit na nababagay sa lugar.
   D. Magdala ako ng mga damit na pang-etniko.



# Karagdagang Gawain

Pumili ng isang materyal na kultura o di-materyal na kultura at ilarawan ito sa pamamagitan ng malikhaing-sining tulad ng:

A. poster
B. awit o rap
C. tula
D. salaysay o kuwento



# *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**
1. D
2. A
3. B
4. C
5. Depende sa sagot ng mag-aaral

**Suriin**
1. A
2. D
3. A
4. C
5. B

**Pagyamanin**
1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**Isaisip**
1. Kultural
2. kaugalian
3. pamumuhay
4. Material
5. Di-materyal

**Gawain**

Guro ang magwawasto

**Tayahin**
1. A
2. B
3. C
4. A
5. C

**Karagdagang Gawain**

Guro ang magwawasto

# *Sanggunian:*

Dejerio-Balsamo, C., Briones, M. C., Gallemit, F. S., Silod, L. M., Telempros, B. P., Apepe, A. D., & Bantilan, M. B. (2019). Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Rehiyon IX-Zamboanga Peninsula. Pasig City: Studio Graphics Corp.

Manalo, T. G., Capunitan, C. A., Galarosa, W. F., & Sampang, R. C. (2015). Araling Panlipunan 3 Patnubay ng Guro. Pasig City: Book Media Press, Inc.

Regional Cultural Profile
Website: NCCA
http://www.ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/articles-on-c-n-a/article.php?igm=4&i=252

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.